

Prologue



Bumagsak ang maduming soccer ball squarely in the middle of Carter's lunch tray na may kasamang sopas at tumalsik ang sabaw at laman niyon sa buong harap ng uniform niyang puti, samantalang nahilamusan ang pahina ng Science text book na nakabuklat sa harapan niya.

Nagsisisi siya ngayon na dito pa niya piniling mag-lunch sa gilid ng soccer field. Maingay sa lunch room at kailangan niyang mag-review. Di hamak na mas tahimik sa soccer field kaysa cafeteria ng eskwelahan nila.

“Hala, natapon ang food ni Car!” anang katabi niyang kaklase. Napatingin ang mga nakatayo nitong kasama na pawang tagasuporta ng mga soccer players.

“Sorry, Miss! Natamaan ka ba?” Humahangos na tumakbo ang player na may sala sa tabi niya.

Kilala niya ito, pamangkin ito ng school directress. Si Phoenix Pastrana, number 7 on the green. Pawisan ito, umalpas na mula sa itim na rubber band ang makapal at kulot nitong buhok mula sa pagkakatali, matingskad ang bright green jersey nito pero nanlilimahid ang puting knee socks. Kinuha nito ang bolang gumulong sa ilalim

ng bench na kinauupuan niya at sinipat siya, waring nag-aalala.

“Hindi,” sagot niya at ginamit ang panyo para tuyuin ang libro sa halip na ang sarili.

“Naku, nabasa ’yung book mo.” Napailing ito habang hawak ang bola sa tagiliran. “Kapatid ka ni Ollie, di ba?”

Di na siya nagtaka na kilala nito ang Kuya Oliver niya. Captain ng soccer team ang kapatid bago gumradweyt last year. Hindi iilang beses na tumambay ang mga teammates nito sa kanila noon.

Tumango siya. Namalayan na lang niyang nililigpit ng lalaki ang nadisgrasya niyang lunch na nagkalat sa wooden table.

“Oy, Pastrana! Huwag mong sabihing nagugutom ka na? Let’s go!” sigaw ng kasamahan nito mula sa far field.

“Wait up, Tsong!” ganting sigaw nito at ipinagpatuloy ang pagtulong sa kanya. Inilagay nilang dalawa ang mga kalat sa isang trash can.

“Sorry ulit, ha? Okay ka lang talaga?” paniniyak pa nito na patuloy inignora ang mga sigaw at kanyaw ng mga kalaro.

“Oo. Sige, salamat,” aniya rito.

“Okay, ’bye.” Paatras itong tumakbo pabalik sa green, sumaludo pa bago tumalikod.

Nanatili siyang nakatayo roon. Dati, naaaliw lang siya kay Fin Pastrana dahil hayagang

kinakalaban nito ang administrasyon ng eskwelahan sa buhok na ayaw nitong ipaputol. Hindi ito nagpapasindak dahil kapatid ng daddy nito ang directress. But today, all she could think of was how she never noticed how nice Fin Pastrana's smile was.



Chapter One



Nakatutok si Carter sa bintana ng klinika. Tahimik dahil walang katao-tao—patay na oras ang tawag doon ng iba—ganoon pag quarter to three ng hapon sa clinic niya. Naisip niyang kailangan niya siguro ng kurtina para hindi naman siya kita mula sa labas. On second thought, nasa second floor ng commercial building ang klinika, kaya hindi naman siguro iyon problema.

Maliit lang ang espasyong nirentahan niya. Ang unang bubungad sa papasok ay ang pantay-dibdib na reception desk kung saan tumatao minsan ang pamangkin niyang si Julie, na anak ng kanyang Kuya Eugene, ang panganay nila. Sa itaas ng reception desk, makikita ang flat screen TV na naka-mount sa dingding. Sa kaliwa ng pinto ay ang L-shaped bench na dumodoble bilang magazine racks ang ilalim. Sa dako pa roon ay ang CR. Ang mismong klinika ay partitioned off with frosted glass with sliding doors. Naroon ang bagong dental chair, ang spitoon, at iba pang paraphernalia ng isang orthodontist.

Wala siyang sariling opisina kaya madalas ay doon siya sa waiting area nakatambay kapag walang pasyente, sa likod ng reception. Kapag

inantok siya ay lumilipat siya sa dental chair at nila-lock na lamang ang pinto.

Maingay ang electric fan na umiikot at nagsisilbing ventilation sa maliit na klinika. May AC unit nang kasama ang space nang lumipat siya pero madalang niya iyong gamitin. Nanghihinayang siya sa kuryente. Kahit ang TV ay minsan lang niya i-switch on. Pagdating ng hapon ay isinasara niya ang klinika at lumalabas para mananghalian sa kanilang bahay. Nagtatraysikel lang din siya dahil hindi siya marunong magmaneho. Kasalo niya ang mama at papa niya na pawang dentista rin, pero attached sa bahay nila ang klinika ng mga ito. Nakagisnan na niya ang whirr ng dental instruments ng dalawa dahil directly below sa kuwarto niya ang klinika ng mga magulang. Kaya nga pagdedentista ang kinuha niyang kurso sa kolehiyo, dahil ni isa sa dalawa niyang kuya ay walang interes sa pagkakalikot ng ipin. Manager ng local branch ng *BPI* ang Kuya Eugene niya samantalang Civil Engineer ang Kuya Oliver niya. Pawang may mga pamilya na ang mga ito at piniling sa probinsya panatilihin ang kani-kanyang mag-anak.

Pagkapananghalian ay babalik siyang muli sa klinika. Magsasara pagsapit ng alas cuatro nang hapon at uuwi na. Liban kung naka-schedule silang mamalengke, aantayin niya ang ina sa

klinika at magkasama silang pupunta sa palengke o sa local grocery store. Pagkauwi ay magbibihis, magpapahinga sa kuwarto at aantaying tawagin ni Me-ann, ang kasambahay nila, upang maghapunan. Usually, it would consist of vegetables or tofu, paminsan-minsan ay manok, kadalasan ay isda. Problema ang blood pressure ng papa niya kaya maingat silang lahat sa diet nito. Pagkatapos ng hapunan, magsesepilyo at sasamahan ang mga magulang sa salas na manood ng sandosenang teleserye.

Walang sinasabing network loyalty ang kanyang ina—palipat-lipat ito ng channels at sabay na pinapanood ang dalawang soaps mula sa dalawang rival networks. Nakaupo lang sa puwesto nito ang papa niya at mayamaya lang ay humihilik na habang nagkakagulo ang bida at kontrabida sa kung anong Koreanovela. Ginigising naman ito kaagad ng kanyang mama para makita nito ang pagsasabunutan ng kabit at ng asawa sa TV. O di kaya ay para balaan ang papa niyang huwag mangaliwa.

Nasa late fifties na ang mga magulang, at pinipilit na nilang magkakapatid na magretiro ang mga ito.

Lights out na sila sa bahay pagsapit ng alas diez.

Hindi niya na-imagine na iyon ang magiging

buhay niya sa edad na beinte-cinco—back at home, living with her parents again. Nang tumuntong siya ng kolehiyo, ang plano niya ay mag-abroad pagkatapos makapasa sa board at bunuin ang mandatory na dalawang taon na clinical experience. Naging school dentist siya sa isang private school pero umalis din kaagad matapos ang isang taon dahil hindi iyon sapat bilang experience. Sumunod ay sa isang pribadong health insurance company sa Makati siya nagtrabaho bilang in-house dentist. Sa pangalawang taon niya roon ay nakilala niya si Ludwig Campos, in-house physician. Guwapo, mestisuhin, charming kaya inignora niya ang katotohanang kapag naka-heels siya ay mas matangkad siya rito. Pakiramdam niya ay napakasuwerte niya nang magpakita ito ng interes sa kanya—hindi lang naman siya ang may crush rito—pati mga assistants at mismong mga doktor doon na dalaga ay pinapangarap din si Ludwig.

Siyempre pa ay sinagot niya ito. Ito ang una niyang boyfriend sa edad na twenty-four. Lahat ay bago sa kanya—ang laging may ka-text, kasabay sa pagkain, sa breaks, maging sa pag-uwi. Dalawang taon ang lumipas at going strong pa rin sila. She was waiting for a marriage proposal. It never came. Ilang araw matapos ang kanilang anniversary, kung saan niregaluhan niya ito ng isang napakamahal na relo ay bigla na lang siya nitong tinext na mag-

e-LOA ito mula sa trabaho. After one month of hearing nothing but excuses from him, naging klaro sa kanya na ang Leave of Absence na sinasabi nito ay hindi lang sa kompanya kundi mula sa relasyon nila. Some sympathetic doctors informed her that Ludwig was with one of the nurses who used to work for the company. At noon pa iyon, bago pa ito nag-LOA. Mula sa HR nila ay nalaman niyang inaayos na ni Ludwig ang mga papeles sa pag-a-abroad. Nagpakasal na rin ito at ang nurse na nakabase sa London. Ipepetisyon na si Ludwig.

Ayon kay Ludwig, nang maglakas-loob itong makipagkita sa kanya, matagal na nitong pangarap ang makalabas ng bansa. Hindi iyon lingid sa kaalaman niya, very vocal tungkol doon ang lalaki sa mga pag-uusap nila. She just didn't think na kaya nitong ipagpalit siya sa pangarap nito. Humingi rin ito ng pang-unawa tungkol sa lihim nitong pagpapakasal. Nawalan daw ito ng lakas ng loob para sabihin iyon sa kanya kahit isang taon na rin itong nakikipagsulatan sa nurse. Hindi raw kasi nito akalain na ganoon kabilis maaayos ang lahat. Ayaw siya nitong masaktan, at kung anu-ano pang self-justifying excuses. She was so stunned she never even said anything except good luck. Hiniling ni Ludwig na maging magkaibigan pa rin sila. Na hindi nito sinasadya na masaktan siya, nagkataon lang na naroon na ang pagkakataon at

ayaw nitong pakawalan iyon. Tumango siya na para bang naiintindihan ito. And then she asked that he return the watch.

“Huh?” Nabigla ito.

“I charged it on my card, at mahal iyan. May thirty day-return policy sa Cartier at nasa akin pa ang resibo.” Inilahad niya ang kamay. Ang lakas ng loob nitong makipagkalas sa kanya pagkatapos ay isusuot-suot nito ang regalo niya. She couldn't believe the barefaced shamelessness of the person she used to think was perfect.

Waring shocked ang hudas, pero hinubad naman nito ang relo at ibinigay sa kanya. “I never thought you'd be so petty,” mahina nitong sumbat.

“I never thought you'd be such an asshole either,” ganti niya rito. Saka niya ito iniwan sa restaurant. Bahala itong magbayad ng mga kinain nila.

Maybe it was the shock, nature's way of protecting you from pain, kaya nakauwi siya noon sa tinutuluyang apartment nang hindi nadudukutan o naliligaw. Linggo ang lumipas bago niya naramdaman ang sakit. Hindi biro ang dalawang taong pag-aakala na mahal siya ng isang tao. Matagal ang dalawang taon para masayang sa wala palang kuwentang relasyon. Sumunod na dumating ang regrets. Maybe she should have given in nang hilingin nitong may mangyari sa kanila. Konserbatibo siya at naniniwalang kaya lang niyang

gawin ang bagay na iyon kapag kasal na siya sa lalaki. Or maybe she should have seen the signs—iyong hindi nito pagpapakilala sa mga magulang o pamilya nito, ang kawalan ng paghahangad na makilala rin ang kanyang pamilya kahit ilang beses na niya itong inayang sumamang umuwi sa probinsya nila, hoping he would extend the same invitation to her. It should have tripped her alarm systems, pero inignora niya ang maliliit na red flags. Nag-rationalize siya, gaya ng kahit na sinong babae: maybe it was too soon, mali na i-pressure niya ito samantalang sandali pa lang ang relasyon nila. Even magazines told her na normal lang na hindi muna ma-involve ang mga pamilya sa isang nagsisimulang relasyon.

In retrospect, she concluded that there was nothing normal about it. Kung seryoso ang isang lalaki sa isang relasyon, walang dahilan para tanggihan nitong makilala ang mga magulang at malalapit mong kaibigan. Walang dahilan para mahigpit nitong pakabantayan ang cellphone nito mula sa iyo. Walang dahilan para tanggihan nitong baguhin ang relationship status sa *Facebook*. Those were red flags she chose to ignore dahil in love siya. She was trying so hard for the relationship to work. Para siya pa rin si Carter, ang girlfriend ng guwapong doktor na kinaiinggitan ng mga nurses at doktor sa klinika. It was stupid at noon lang

niya iyon napagtanto. She fell into depression na ngayon ay naisip niya bilang nasaling na pride—niloko siya, nagpauto siya. Her parents had a very good relationship, both her kuyas had stable marriages and happy families. Confident siya na ganoon din ang mangyayari sa kanya. Pakiramdam niya, nang dumating si Ludwig sa buhay niya, ay ito na ang The One, ang matagal na niyang hinihintay at pinapangarap. Dati ay tipikal siyang overachiever—mataas ang pangarap, maraming plano para sa napiling karera. Pero na-reduce siya sa isang ordinaryong babae na parang kompleto na ang lahat kapag kasama ang lalaking minamahal. Ni hindi na niya nirespondehan ang emails ni Karen, ang best friend niyang nurse na tutulungan siya dapat sa agency na nagpadala rito sa Australia. Pakiramdam kasi niya, solved na siya. Ang saya pa niyang inamin sa sarili na wala siyang ipinagkaiba sa pinaka-ordinaryong babae, na kayang i-give up ang career plans para sa pag-aasawa. Ang laki niyang engot. Her depression led into a hasty decision to resign and go back home.

Sinuportahan naman ng kanyang pamilya ang desisyon. Unang-una kasi ay ayaw ng mga ito na sa Maynila pa siya magtrabaho. Hindi kampante ang mga ito na mag-isang namumuhay ang bunso sa siyudad. Batid din ng mga ito ang pagtatapos ng relasyon nila ni Ludwig kaya ginawa ng mga

ito ang makakaya para lang paglubagin ang loob niya—her nieces and nephews were always in their house para libangin siya. Pinautang siya ng mga magulang ng perang pansimula upang makapagbayad sa six-month lease sa klinika sa commercial area ng kanilang bayan. Ang kanyang dalawang kuya ay nag-ambag para sa dental chairs at iba pang equipment ng isang dentista. Ayaw na rin niya kasing makihati sa clientele ng mga magulang dahil di rin naman kalakihan ang clinic ng mga ito sa bahay. Mas gusto niya muna ang nag-iisa at naintindihan naman siya ng mga ito.

Kaya heto siya sa poder ng mga ito at twenty-five, single, walang savings. Bago pa siya tuluyang ma-depress ay tumayo siya mula sa likod ng desk at hinawi ang sliding door sa inner room. Hihiga muna siya at magbabasa-basa. May bagong issue ng *YES* ang mama niya na dinala niya kanina at balak basahin. Dahil mainit ay hinubad niya ang puting coat at isinampay iyon sa hanger sa likod ng CR. Underneath, she was wearing only a pair of jeans and a white T-shirt. Naupo siya sa dental chair at nagsimulang magbasa. Hindi niya namalayang nakatulog siya at nagising na lang nang may maramdaman siyang tumatapik sa hinlalaki niya sa paa. Tsinelas lang kasi ang suot niya. May lalaki sa loob ng klinika. Bumalikwas si Carter.

“Sorry! Nakabukas kasi ang pinto kaya pumasok

na ako,” hinging-dispensa nito, waring nahiya. Namamaga ang kaliwang jaw nito. Bukod doon ay walang gaanong nagbago sa lalaki. Iyon pa rin ang pangahang mukha na medyo pahaba, matangos na ilong, deep set na mga mata, makapal na kilay—at ang buhok na hanggang ngayon ay mahaba pa rin, nakatali gamit ang lastiko. Itim na T-shirt at jeans ang suot nito.

“Fin? Phoenix?” aniya habang bumabangon paupo. Pakiramdam niya ay wala pa siyang limang minutong naidlip pero ayon sa relo ay alas cuatro na.

Halatang natuwa ito na nakilala niya. “Ako nga. Wow, natatandaan mo pa ako?”

“Oo naman, bakit naman hindi?” Hinagilap niya ang tsinelas mula sa ilalim ng dental chair. Gusto niyang tumakbo sa CR at magtanggap ng muta sa mata. Ano na kaya ang hitsura niya? Ni hindi siya naglipstick!

“Akala ko nga walang tao, kasi iyong sign mo sa labas ng pinto hanggang 4pm lang ang clinic hours mo,” patuloy ni Fin. “But your door was open so nagbakasakali na rin ako. Pasensya ka na, nagising ’ata kita.”

“Okay lang, naidlip kasi ako,” aniya, napagtagumpayan nang maisuot ang sandals. He still had the lanky built he’d had in high school, pero hindi ito masasabing payat—muscled ito at

may umbok sa dapat ikaumbok. Natawa siya sa naisip. Hinagilap niya ang puting doctor's coat at isinuot iyon. "Ano ba'ng problema?" tanong niya rito, iminuwestra ang dental chair. Naupo naman ito roon. Iniiwas niya ang overhead lights upang huwag tumama sa ulo ng lalaki. *Chucks* na itim ang suot nito sa paa. Still the same rugged cool Fin Pastrana she knew in high school. Mukha itong rakista kahit na wala siyang nabalitaang musical inclination nito. How old would he be now—twenty-eight? twenty-nine?

"Noong isang linggo pa ito sumasakit, eh. Akala ko normal na toothache lang, pero simula noong Tuesday, namaga na siya. Halos di ko na nga maibuka para kumain," anito at marahang hinimas ang bukol sa gilid. "Sabi ng Mommy baka may tumor na raw ako," he added sheepishly.

Natawa siya. "Then you're in the wrong place. Dapat sa oncologist ka magpatingin. Tingnan natin. May iniinom ka bang gamot?"

"Yung ordinaryong pain killer lang, *Ponstan*," sagot nito, pagkuwa'y ibinuka ang bibig nang imuwestra niyang gawin nito iyon. In-on niya ang switch ng dental lights at itinutok iyon sa loob ng bibig ni Fin.

"Pihit mo nga ang face mo sa kaliwa, 'ayan. Buka pa." Sinipat-sipat niya ang loob ng bibig nito gamit ang dental mirror. Namumula ang palibot

ng second lower molar nito, at ang outer gums ay nag-swell na rin. Batid niyang para iyong iceberg, mas malalim ang nasa ilalim kaysa nasa surface at visible sa mata. Umiling-iling siya at pinatay ang ilaw.

“Tumor nga ba?” ani Fin, only half-joking.

“Tigil-tigilan mo ang kaka-tumor. Looks more like an impacted tooth. Ilang araw mo nang tinitiiis ito?”

“Isang linggo na rin. Di ko na matiis.

Pinagtataka ko lang, Doc, hindi naman cavity para sumakit.”

“Naaksidente ba ito? Nasuntok o nasipa?”

Lumiwanag ang mukha ng lalaki. “Oo, pero matagal na din, noon pang college soccer. Namaga rin ito, nabali ’yung pangil ko pero nilagyan lang ng jacket, ’tapos iyong molar na sumakit, pinastahan. Nakatatlong balik na rin ako para palitan ’yung filling kasi kahit permanent, numinipis din pala.”

Tumango siya. “Iyon ’yun. Kailangan mo ng root canal procedure.”

Visible ang pagngiwi nito. “Jeez, di ba masakit iyon?”

Ngumiti siya. “May certain level ng pain, oo, pero ia-anesthetize pa rin natin ang area. Actually, dead nerve na iyong tatanggalin natin kaya hindi na masakit pero para komportable ka, may anesthetic tayo. Then painkillers after the

procedure.”

“Di ba babarenahin mo ang ipin ko pag gan’un?” Hinimas nito ang panga, waring nai-imagine ang isang scene sa *Texas Chainsaw Massacre*.

Kumuha siya ng isang illustrated chart ng isang iping kandidato para sa root canal at itinuro ang mga bahaging tinutukoy niya. “Ito iyong ipin mo, sa loob niyan ay ’yung pulp at nerve malapit sa root. Iyan ang tinatawag na canal, kasi parang open space siya sa loob ng ipin mo. Dahil nabugbog kamo ang pisngi mo dati, ’tapos aggravated pa by repeated fillings, na-infect ’yung surrounding area ng canal. Na-damage ’yung nerve. May nana iyan sa loob kaya nag-form ng abscess at namaga ang panga mo. Ngayon, para mawala iyong pain, bubutasin natin ang ipin mo, gamit ang dental drill—”

“Babarenahin nga.” Resigned ang tinig nito, parang ie-execute.

Natawa si Carter. “Hindi mo naman mararamdaman iyon at mas maliit kaysa construction drill ang gagamitin ko kaya huwag ka munang umiyak. Anyway, after butasin, tatanggalin ang lahat ng infected matter, ’tapos lalagyan natin ng gamot. After that, isi-seal natin ng rubber na material. Tapos, papastahan uli natin iyong butas na ginawa ko. Matatanggal din ang exterior kaya

kailangang lagyan natin ng crown.”

“Mukhang komplikado,” anito, nag-isip.

“Magkano naman kung sakali?”

“Mura lang para sa tulad mo.” Ngumiti siya nang bahagya. “Bale four thousand ’yung sa mismong root canal, ’yung meds na ilalagay natin sa ipin mo would be five hundred, t’as ite-temporary filling natin so two-fifty lang ’yun, then pagbalik mo isi-seal natin, then we’ll have to install a dental crown which is seven thousand six hundred.”

Napasipol si Fin, swollen jaw and all. “Ang dami palang procedures involved.”

“Medyo costly siya. Lalo na pag sa Maynila ka nagpagawa, 5k ang simula.” Kumuha siya ng isang index card kung saan tinatala ang dental records ng mga pasyente.

“Wala bang ibang alternative bukod sa root canal?” hirit pa ni Fin.

“Meron naman. Either magpalagay ka ng implant, or bridge, o di kaya removable na denture para makanguya ka lang at di mag-shift ang mga katabing ipin. Delikado kasi iyan, infected na siya sa loob kaya pwedeng magkaroon ng drainage problem. Ibig sabihin, mabubutas ang ipin mo mula sa loob, doon lalabas ang infected matter. Mapu-poison ang balat sa loob ng bibig mo. Puwede rin ang extraction, pero I would advise against it. Mas

mainam na i-save ang natural teeth, mas malakas kasi iyan kaysa implant at denture. At actually, mas mahal ang dentures at implants kaysa root canal.”

Nakatitig lang ito sa kanya, waring nagkukuwenta sa isip. Naalala niya ang kanyang Kuya Eugene. Lahat ng gastos ay iniwasan nito at madalas ay nagkakalkula sa isip bago bumili ng kahit na ano. Siguro’y ganoon ang mga negosyante. Pero ang pagkakaalam niya ay software engineer si Fin, hindi negosyante.

“Okay, let’s do it then.”

Tinapos niyang i-fill out ang dental card nito at ibinalik iyon sa lagayan. “X-ray ko muna ang vicinity ng affected tooth, para malaman natin ang extent ng damage. Medyo matatagalan tayo, ha. Kumbaga sa surgery, eh, brain surgery ito.” Tinapik niya ito sa balikat bago tinungo ang shelf upang kunin ang bagong-bagong dental X-ray unit. “Bubuena mano ka sa mga equipment ko.”

Dinig niya ang ungol nito. “That’s exactly why ipinagpaliban ko ang pagpapatingin sa dentista. I was afraid they’d have to cut my mouth open or something.”

Napahalukip si Carter at tiningnan ito sa paraang tiningnan niya ang mga mas batang pasyente na matigas ang ulo. “Phoenix Pastrana, ang tanda mo na para mag-chicken out sa dentist. Dapat pinatingnan mo na ’to kaagad bago pa

namaga. May mga kilala akong five-year-olds na mas matapang pa kaysa sa 'yo."

Bahagyang ngumiti ito, pagkuwa'y nagpakawala ng isang buntong-hininga. "I'll try to be brave. Do your worst. Mas maganda na rin siguro na one time big time ang sakit kaysa isang linggo pa akong ganito. Tinatrato na akong circus attraction ng mga pamangkin ko. Beki Man ang tawag sa akin."

Natawa ulit siya sa sinabi nito habang hinahanap ang mga kailangan.

"Bawas pogi points ba kapag umiyak ako habang ginagawa mo ang ipin ko?" Sa kabila ng namamagang panga ay nakuha pa rin nitong ngumisi.

"Ten thousand points ang mababawas sa 'yo," sakay niya sa biro nito.

Nagpalatak si Fin. "Naka, baka mag-negative ako niyan."

"Hindi ko alam na nandito ka pala sa atin," pag-iiba niya sa usapan. "Akala ko nasa Singapore ka." Nalaman niya iyon sa pamamagitan ng *Facebook* account ng kanyang Kuya Oliver. Nag-post ito ng isang album nang magkaroon ng reunion ang soccer team nito sa high school at naroon si Fin. Sa mga comments niya napagtagni na umuwi lang galing sa trabaho nito sa Singapore bilang software engineer ang lalaki at babalik na naman. Pero matagal na iyon at wala na siyang balita tungkol

dito.

“Oo, magtatatlong taon na rin ako dito.”

Nasa Manila na siya noon at nagsisimulang mag-review sa Dentistry board.

“Ah.” Tumango siya at nakahiyaan nang itanong kung ano ang ginagawa nito rito. Parang masyadong prying kung susubukan niyang alamin kung nagbabakasyon lang o permanente nang nakatira dito si Fin. “Naglalaro ka pa rin?”

“Oo. May scrimmage kami nina Ollie at ng dating gang kapag may pagkakataon. Marami sa mga kalaro namin, bago na. Nalagas na ang original naming team, eh. May sports clinic ding binuo ang munisipyo, tie-in with our old school. Nasa klase ko si Julie at si Bimbo.” For someone with an impacted tooth, madaldal ito.

“Naku, good luck sa kakulitan ni Bimbo.” Sinaksak niya sa outlet ang X-ray machine.

“Parehong level lang ng kakulitan ni Yohan, ’yung anak ni Ate. Ikaw, kamusta naman? What brought you back home?” Ito naman ang nagtanong.

Pinihit niya ang ulo ng X-ray unit at itinulak palapit kay Fin ang aparato. Mukhang tri-pod iyon na may rotating head. “Nag-resign na ako sa dati kong pinapasukan. Halika na rito. Kukunan ko ng picture ang bad tooth mo.”

Chapter Two



Dumalaw sa bahay ang Kuya Oliver niya nang hapong iyon. Isiniksik nito sa *Urvan* ang tatlo niyang pamangkin—si Bimbo who was five, Natalie who was four, at si Lucas, one year old, pati ang aligagang yaya ng mga ito. Out-of-town ang misis nitong si Angie, may one-day seminar kasi ito sa *DOJ* dahil sa promotion nito. Public Attorney ito sa *PAO*. Hula niya ay walang pagkain sa mga ito at wala ring balak magluto ang kuya niyang inhinyero. Pinagkaabalahan ng kanyang mama at papa ang bunsong si Lucas at ang dalawa ay nasa harap lang, naglalaro sa swing set na gamit na nilang magkakapatid noong mga bata sila.

“Kuya, nandito pala si Fin sa atin?” naalala niyang itanong nang bumalik ito mula sa pagtutulak ng duyan ng mga anak. Nagpapapak siya ng mansanas samantalang kinakalikot nito ang *iPad*. Naghihintay silang tawagin para sa hapunan.

“Ah, oo, matagal na ring nandito ’yun. Nasa Manila ka n’ung bumalik siya.”

“Ano’ng ginagawa niya rito? Hindi na ba siya nagtatrabaho sa Singapore?”

“Hindi na. Namatay ang papa niya, kaya walang mag-aasikaso sa farm nila. May kapatid pa iyong

bunso. Naawa siya sa mama niya, mag-isa lang sa bahay nila.”

Kaya pala. Ang alam niya ay may poultry farm at piggery ang pamilya ni Fin. Nasa dulo iyon ng bayan, malapit na sa boundary sa susunod na bayan at makukunsidera nang liblib kumpara sa kanila na nasa sentro ng Poblacion.

“Malaking balita iyon nang nangyari. Kakaawa ’yang si Fin, close iyon sa father niya, eh,” kuwento ng kuya niya.

“Bakit, ano ba ang ikinamatay ng dad niya?”

“Sinalubong ng ten-wheeler sa *SLEX*. Nagdeliver ng mga itlog sa suki. Gabi kasi n’un t’as medyo umuulan pa. Masaklap pa, lasing iyong driver ng truck na nakabangga.” Iiling-iling si Oliver, waring hinayang na hinayang.

Tumango siya, nakadama ng lungkot para kay Fin. “Kaya pala. Buti na lang di ko itinanong kanina.”

Napatingin si Oliver sa kanya. “Bakit, saan mo siya nakita?”

“Pumunta sa clinic. Kailangan niya ng root canal. Namamaga ’yung panga niya.” Iminuwestra niya kung gaano kalaki. “Babalik siya next week para i-seal ko ’yung butas.”

“Ouch.” Ngumiwi ito. “Matagal ko nang di nakikita ’yun, ah. Masyadong abala sa farm nila.”

“Ikaw din naman, Kuya, mahirap ka na

raw mahagilap.” Tinapik-tapik niya ang medyo umuumbok nitong tiyan. “Fatherhood ka na talaga.”

Nagkibit ito ng balikat. “Ganyan talaga pag busog sa kaligayahan.” Ginulo nito ang buhok niya.



Napakunot ang noo ni Carter nang mamataan si Fin na nakatambay sa labas ng sarado niyang klinika. Five minutes before nine ng umaga at medyo nahuli siya ng gising kaya ni hindi niya na inabala ang sarili na patuyuin ang buhok. Hinahalughog din niya ang purse para sa susi ng klinika.

Tumuwid si Fin nang tayo nang makita siyang papalapit. “Good morning, Car,” bati nito. T-shirt na gray na may illustration ng stick figures ng babae at lalaking ikinakasal at ang mga salitang ‘GAME OVER’ ang pang-itaas nito, olive drab ang pants na parang kadete sa ROTC.

“Ang aga mo, ah.” Nginitian niya ito habang hinahalukay pa rin ang bag. *S’an na ba napunta ’yun?*

Kinuha ni Fin ang isa pang bag na naglalaman ng kanyang baon at pampalit na tsinelas. “Excited na kasi akong matakpan na ’tong ipin ko. Para hindi ako ingat na ingat pag kumakain,” sagot nito. Dahil malapit, bahagyang nahagip ng ilong niya ang amoy ng lalaki—*Safeguard* at mentholy na shampoo.

“Sinusuot mo ba ’yung mouth guard?” usisa niya.

“Oo, kaya lang nakakailang pa rin,” anito.

Pinagbubuksan niya ang ilaw nang makapasok sila, pati na rin ang AC para maitaboy ang amoy kulob sa loob ng clinic. “Upo ka muna riyon, ha,” sabi niya rito.

“Sorry, napaaga ba ako?”

“Hindi, ako lang itong medyo nahuli ng gising. Nood ka muna ng TV. Saglit lang.” Nginitian niya ito nang dumaan siya papunta sa CR. Walang salamin doon kaya ang sariling compact ang ginamit niya. Hindi na rin siya naglagay ng makeup pagkaligo. She looked pale and wan. Pero naisip niyang iyong pasyente nga niya di rin naman nag-aabalang magpustura sa harap niya, bakit pa siya matataranta? Family friend naman ito. Bakit ba siya nako-conscious? Kaya nag-spray na lang siya ng cologne at naglagay ng lip gloss para hindi naman siya masyadong maputla. Saka siya lumabas at kinambatan si Fin na matiyagang nakaupo sa waiting area. Sumunod ito sa kanya.

The entire procedure took her around fifteen minutes.

“Ilagay na rin natin ang crown?” tanong niya rito pagkababa sa face mask.

“Shige,” anitong parang puno ang bibig. Natawa si Carter.

“Okay, patuyuin muna natin iyan ng mga half hour. Dito ka muna sa waiting room, ha.” May dumating na mag-ina, parehong magpapalinis.

Matapos ang prophylaxis ng mag-ina ay tinawag niya ulit si Fin. Tahimik lang itong naghihintay sa waiting area na parang behaved na behaved little boy. Nangiti siya sa naisip.

“Pasensya ka na, ha. May tatao ba sa farm n’yo?”

“Aayos lang. May tumitingin naman habang wala ako. ’Ka ko baka mga lunchtime na ako makabalik.”

“Ah. Buti naman. Pero sandali na lang ito. Makakauwi ka na by eleven.” Sinulyapan niya ang sariling relo. Pagkuwa’y nagsuot siya ng panibagong gloves. “Okay, say ’Ah’.”

Nang matapos ang procedure ay lumipat sila sa front room para i-settle ang bill ni Fin. Kalahati ang binayad nito noong unang punta nito at ngayon ay pinipirmahan ang tseke para sa balanse.

“Kailangan mo ba ng resibo?” tanong niya rito.

“Deductible business expense ba ito?” anito.

Ngumiti siya, umiling. “Kung baboy mo ang nagpa-root canal, posible.”

“Then, huwag na. Alam ko naman kung saan ka nakatira,” biro pa ni Fin.

Ibinalik ng lalaki ang checkbook sa clutchbag nito at inilagay naman niya sa drawer ang tsekeng ibinayad ni sa kanya.

“Asan na ang boyfriend mo?”

Napatingin siya rito. Fishing ba ito? Sa experience niya, mangpi-fish lang ang isang lalaki kung interesado. Pero ni hindi naman ito nakatingin sa kanya habang nagtatanong. Binabasa nito ang diploma at mga certificates niyang naka-frame sa dingding ng clinic. Ah. Mana talaga si Fin sa mga kuya niya sa pag-uusyoso sa personal niyang buhay. But she didn't mind, sanay na siya. Ang mabuting reaksyon doon ay sakyan ito kaysa maasar.

“Wala. Wala ako niyan.” Sinamahan niya uli ng ngiti ang sinabi para hindi naman siya magtunog bitter.

Tumaas ang kilay ni Fin, muling dumako ang tingin sa kanya. “Yang ganda mong 'yan?”

Natuloy siya sa pagtawa. “Pareho kayo nina Kuya. Tama ka na nga. Umuwi ka na at hinihintay ka na ng mga pabo.”

“Itik,” pagtatama nito.

“O ostrich. Hala, larga na!” pagtataboy niya rito.



Narinig ni Carter na tumunog ang chimes na senyales na bumukas ang front door ng klinika. Naka-mask siya noon at may nililinisang ipin. Sabado noon kaya naroon si Julie. Narinig niyang binati nito ang dumating at pinaupo pero hindi

niya narinig lahat ng pinag-uusapan dahil sa ingay ng panglinis. Nang matapos iyon after five minutes ay tinanggal niya ang clip-on bib ng pasyente at pinagmumog ito ng mouthwash sa spitoon. Pagkatapos ay inapakan niya ang pedal sa ilalim ng chair upang mapuno ang papercup ng panibagong mouthwash and water solution.

“Don’t forget, no spicy foods o kahit na anong malansa for at least two days habang naka-soft diet ka,” bilin niya rito. Tinanggalan niya ito ng ipin kanina. Bulok na milk tooth na iyon kaya kailangan nang i-extract.

“Yes, Doc,” sagot ng teenager. Tinungo na nito ang reception para magbayad kay Julie.

Sumunod siya habang hinuhubad ang mask para sinuhin ang susunod na pasyente. Prenteng nakaupo sa bench si Fin, mukhang bagong ligo dahil nakalugay ang buhok nito—parang basang noodles ng pancit canton iyon. This time ay asul na band T-shirt ang suot nito at faded jeans ulit, puting *Adidas* sneakers. Tumayo ito nang makita siya.

“Hi, Doc,” bati nito, nakangiti. Wala na ang pamamaga ng panga nito, balik na sa normal ang hugis ng mukha.

“Ikaw pala. Guwapo ka na ulit. Kumusta pakiramdam ng ipin mo?” Three days ago ang huli nitong punta sa clinic.

“Maayos naman na. Papatingnan ko lang sana

sa 'yo kung okay na talaga.”

“Of course, halika. Julie, pakikuha ang card ng Tito Fin mo,” utos niya sa pamangkin.

“Got it, Tita Car,” sagot ng dalagita.

Pinahiga niya muli si Fin sa dental chair at nilagyan ito ng bib. Pinabuka ang bibig nito, inumang ang ilaw sa loob niyon. Paling sa kaliwa, paling sa kanan. Dinama niya ang ilalim ng jawline nito, pati ang magkabilang lymph nodes.

“Hindi ka nilagnat after ng procedure?” tanong niya rito habang dinadama ang leeg nito.

“Hindi naman,” sagot nito.

“It’s healing nicely,” deklara niya habang pinapatay ang ilaw. Tinanggal niya ang bib nito at pinatayo na ito. “Just keep the meds for another three days. Don’t use this tooth muna.” Tinapik niya nang bahagya ang kaliwang cheek nito.

“Yes, Doctor.” Nginitian siya ng lalaki at lumapit kay Julie para tanungin kung magkano ang bayad.

“Oh, no. Wala nang charge iyon, ano ka ba?” pigil niya rito.

Hawak nito ang wallet, napatingin sa kanya. “But you checked my mouth.”

Umiling siya. “Hindi, huwag na.” Mahal din ang charge sa root canal. “Okay na tayo.”

“Penge na lang pang-movie, Tito Fin,” hirit ni Julie, nakasahod ang kamay. Akmang dudukot nga ng pera mula sa wallet ang uto-uto pero ibinaba

niya ang kamay nitong may hawak niyon.

“Julie, isusumbong kita sa dad mo.”

Pinandilatan niya ito, saka binalingan si Fin. “She’s just kidding. Ikaw, ang bilis mo magbukas ng wallet.”

Tumawa si Fin. “Nasuheto na yata ako ng mga pamangkin ko, eh. Ano na lang, I really want to thank you for your help... uhm, kain tayo mamaya, pagkasara ng clinic?”

Napatingin siya rito. Was he asking her out on a date?



Chapter Three



“Casual dinner lang, I promise, not a date or anything,” mabilis na sabi ni Fin nang mapansin ang pag-aatubili niya. “Tipong thank you dinner.”

Nginitian niya ito. “It’s not necessary, really. Binayaran mo ang serbisyong iyon.” Ang bilis naman nitong klaruhin na hindi date ang imbitasyon nito.

“But I want to,” pilit ni Fin. “Di ko pala nasabi, nakasalubong ko sa Kapitolyo si Oliver kaninang tanghali, nabanggit kita sa kanya. Naikuwento niyang nagrereklamo ka raw na bored na dito. Di ka pa daw lumalabas simula nang bumalik ka. May alam kasi akong lugar na masarap ang seafood. Ano? Gusto mo, sama natin si Julie?”

Ang galing ng kuya niya. Pati ba naman iyon ikuwento sa kaibigan nito? “Well...”

“I can’t go with you, may lakad ako with friends,” ani Julie.

Nagkibit siya ng balikat. “Sige, why not?”



Tumawag si Carter sa bahay upang ipaalam na hindi siya uuwi para sa hapunan. Habang nagla-lock up ay sinipat niya ang sarili: dark blue jeans na

high waisted at slightly tapered, loose silk blouse na powder blue, women's topsiders na blue and white. Okay na siguro iyon sa dinner na hindi date. Pagka-padlock sa pinto ay nilakad na niya ang pababa ng two-storey commercial complex na iyon, isang kanto lang ang layo mula sa palengke ng Poblacion. Ka-share niya sa building ang dalawang law offices, Internet cafe, laundry station at stationery store.

Nasa hagdan pa lang ay namataan na niya si Fin na nakasandal sa gilid ng pulang *Hi-Lux*, may kausap na lalaking naka-polo barong. Iyon pa rin ang suot ni Fin nang magpunta kanina sa klinika. Ni hindi nito sinubukang ayusin pati buhok na natuyo na at nakasabog sa paligid ng mukha. Kung date iyon, sigurado siyang kahit papaano ay magpapalit ito ng damit. Therefore, talagang sinsero ito nang sabihing kaswal na lakad nga lang iyon. Hindi naman sa nag-e-expect siya ng higit pa roon.

Kakahiya naman sa 'yo, Fin.

Nang mamataan siya ay tumuwid at kumaway ang binata. Lumapit siya rito.

“Carter, this is Atty. Luis Dichoso. Kapatid siya ng mom ko,” pakilala nito sa matabang lalaki.

“Ah, kayo po iyong nasa kaliwa ko,” aniya rito habang nakikipagkamay sa abogado.

Tumango ito at kinumusta ang kanyang mga magulang. Sinabi niyang okay lang ang mga ito.

Matapos ang ilang minuto ay nagpaalam na sila sa abogado. Ipinagbukas siya ni Fin ng pinto. Napansin niya ang nagputik nitong sneakers.

“Sumaglit ako sa farm kanina para sa feeding time,” paliwanag nito nang mapansin kung ano ang tinitingnan niya. “Nakalimutan kong magpalit ng tsinelas.”

“Wala ka bang mga katulong sa farm ninyo?” usisa niya nang makasakay ito sa driver’s seat.

“Meron, tatlo sila. Pero sinu-supervise ko pa rin. Seatbelt mo,” anitong inginuso pa ang sabitan ng sinturon.

“Ah.” Nagkumahog siyang ikabit iyon.

“Nakapunta ka na sa *Kamayán sa Palaisdaan*, di ba?” Sikat na kainan iyon sa Tayabas.

“Hindi pa, pero I’ve heard about it. Doon ba tayo pupunta?” The place was approximately thirty minutes away from their town.

“Oo. Masarap d’un. Makakalimutan mo pangalan mo pag natikman mo luto nila.”

Habang daan ay nagkuwentuhan sila. Marami itong kuwento at interesado sa mga sinasabi niya. Mabilis nilang narating ang restaurant. Nakaatras papasok ang mismong lugar, malayo sa highway. May floating bamboo rafts at sa pagitan ng mga iyon ay ang waring footpaths na gawa rin sa bamboo. Paroo’t parito ang mga nagse-serve. Presko at waring peaceful doon.

Nag-order sila ng liempo at sinigang na hipon, inihaw na sugpo, kanin, tig-isang beer.

“Dapat isang platter na lang ang rice natin,” aniya, takam na takam na sa in-order. Naalala niyang ginisang ampalayang may itlog lang ang tanghalian niya kanina. Dinagsa siya ng pasyente kaya di na siya nakauwi para mag-lunch.

“Relax, puwede namang magdagdag mamaya,” biro ng binata. “Maganda ’yan, kasi naniniwala akong ang tunay na babae, nag-e-extra rice.”

“Makanin ako. Heto ang ebidensiya,” walang pakundangang pinisil niya ang gilid ng tiyan. May extra layer doon na wala dapat sa tunay na seksi. Hindi ito nagpalit ng damit mula sa pagpapakain ng mga baboy kaya dapat hindi rin niya ikahiya ang bilbil. Hindi naman ito date at hindi siya dapat magpa-impress dito.

Sinilip iyon ni Fin sa ilalim ng mesa. “Wala iyan. Cute pa ’yan. Ang payat mo nga, exposed ang collar bones mo, o. Baka namayat ka dahil kaka-break mo lang sa ex mo, ha.”

“Hindi, ah,” mabilis niyang tanggi. “Eh, kung depressed ako di dapat di na ako nagkakakain. Teka, ang dami mo namang alam. Kay kuya mo rin nalaman?”

Tumango ito, apologetic ang anyo. “Napag-usapan, eh.”

Tiningnan niya ang kausap Umiinom ito

mula sa bote ng beer, nakasandig sa bar stool na kinauupuan, bahagyang nakapaling sa kanya ang katawan nito samantalang ang siko ay nakasampay sa backrest ng upuan.

“Tingin mo, mina-match tayo ni Kuya?” tanong niya dito. “Pinilit ka ba niyang ayain akong lumabas?”

“Hindi naman siguro. Nabanggit niya lang. Naisip ko lang, naiintindihan kita kasi ganyanganyan din ako noong mga unang buwan ko sa atin. Wala na halos lahat ng mga batchmates ko. Kung hindi mga pamilyadong tao na nakakahiyang imbitahan sa mga lakad, nasa malalayong lugar.”

Tumango si Carter. Wala naman ang best friend niyang si Karen. Ang iba niyang mga kasabayan na nakikita sa Kapitolyo ay hindi niya ka-close kaya hanggang batian at kumustahan na lang kapag nagkakataong nagkakasalubong sila.

“Ang obvious kasi minsan niyang sina Kuya. Pati ang Mama at Papa. Pinagtutulakan akong makipagligawan. Wala namang eligible bachelor dito sa atin, liban sa ’yo. Teka, ikaw. May girlfriend ka?” naisipan niyang itanong dito.

Umiling si Fin. “Si Mandy, naaalala mo?”

“Oo, di ba, iyon ang girlfriend mo n’ung high school?” Tsinita, petite, anak-mayaman. Iyon ang naalala niya sa high school sweetheart nito.

“Mula fourth year hanggang three years ago.

Nagkalabuan noong last year ko na sa Singapore. Di ko siya masisisi, mahirap talaga ang long distance relationships, eh. Pagkatapos, parehong taon, my dad passed away. So I had to go back here. Walang mag-aasikaso ng farm. Di ko rin maiwan sina Mommy at Phoebe. Supposedly, aayusin ko na ang papers ko para mag-migrate sa US, kasama siya. Fiancé visa. Nainip siya sa kakahintay kasi hindi ko nga maiwan-iwan sina Mommy. 'Ayun, hiwalayan."

"Nabanggit nga ni Kuya Ollie 'yung tungkol sa dad mo. I'm sorry for your loss," aniya.

"Tatlong taon na rin ang nakakaraan," ani Fin sa mababang tinig.

"Miss mo pa rin siya?" aniya, semi-prying 'yung question pero hinayaan ni Carter ang sariling itanong iyon. "I mean 'yung dad mo?"

"Oo. Close kami ng Dad. Ako ang paborito n'un kasi ako ang kamukha niya. Sa kanya ko ito namana," anitong hinawakan ang magulong buhok.

Ngumiti si Carter. "Ang ganda nga ng buhok mo. Parang sadyang ipinakulot."

"Ikaw at ang dad ko lang ang fan ng buhok ko. Mama ko, si Mandy dati, they nagged me about getting it cut. Bertud ko kaya ito," anito at ipiningki ang bote sa beer niya.

Itinaas niya ang sariling bote. "So si Samson ka, gan'un?"

“Ganun na nga. Mawawala ang extraordinary charm ko kapag ipinaputol ko ’to,” sakay ni Fin.

Sabay silang uminom mula sa beer. Saka dumating ang pagkaing in-order kaya inabala nila ang sarili sa pagkain.

“Ang sarap ng sinigang, ha.” Nag-thumbs up siya rito. “Pati iyong beer.”

“May deep zero freezer sila dito. Kaya hindi basta-basta nawawala ang lamig ng beer. Sigurado ka talagang umiinom ka, ha? Baka mamaya niyan bugbugin ako ni Ollie pag nalaman niyang pinainom ko ang bunso nila.”

“Oo naman. Ano’ng akala mo sa akin, menor-de-edad? Twenty-five na ako.”

“Eh, ikaw, ano’ng nangyari d’un sa boyfriend mong doktor?” usisa nito pagdaka.

“Parang mahaba-haba ang kuwentuhan n’yo ni Kuya kanina, ah,” tudyong niya. “Well, ’ayun, nakakita siya ng mas magandang choice. Wala rin naman akong magagawa roon.” Fair lang siguro na sabihin niya iyon dito dahil malaya ito sa impormasyon sa sariling love affair.

Binunggo siya nito sa balikat na muntik na niyang ikalaglag mula sa bar stool.

“Bakit?” aniyang inayos muli ang upo.

“Hurting ka pa?” tanong ni Fin, na inagaw mula sa kanya ang kubyertos at kutsara, ito ang nagbalat ng hipon na hinayaan lang niya.

“Konti. Limang buwan pa lang naman. Pero medyo ayos na rin. Kailangang tanggapin.” And she suddenly realized, isang linggo na niyang hindi iniisip si Ludwig. In fact, kanina lang niya ulit ito sumagi sa isip niya nang tanungin ni Fin kung nasaan ang boyfriend niya!

Tumango ito. “Sa umpisa lang mahirap. Lahat ng bagay nakakasanayan.”

“Lahat?” paniniyak ni Carter. Inabot niya ang kubyertos mula rito. Natapos nitong balatan lahat ang hipon sa plato niya.

“Oo. Eventually. Totoo ’yung time heals all wounds. Iyong sa dad ko, dati kapag napapadaan ako sa shed niya at iyong luma niyang Chedeng, umiiyak ako. Totoo. Ngayon, okay na. Kinakawayan ko na lang si *Chedeng*. Hi, Dad.”

Tumango siya at bahagya itong hinawakan sa balikat. Ngumiti ito.

“Eh, ’yung kay Mandy?”

“Masakit din. Sumabay kasi siya sa pagkawala ng Dad. Parang... kung meron mang oras sa buhay mo na aasahan mong nariyan siya sa tabi mo, na maiintindihan ka niya, saka ka pa nilaglag. Pero after a while, maiisip mo, kanya-kanyang buhay, eh. May sarili siyang desisyon at path, gan’un. Unfair na pag-antayin ko siya.”

“Ilang taon na kayong broken up?” tanong niya rito. Ang inihaw na sugpo naman ang nilantakan

niya. Parang ganado siyang kumain.

“Dalawang taon na mahigit. She’s a licensed physical therapist at halos lahat ng kapatid niya nasa US so nandoon na rin siya. May uling ka.” Dinampot nito ang tissue mula sa dispenser at dinampian ang gilid na kanyang bibig.

Sa una lang siya nabigla. Hinayaan niya ito at pinaling pa sa kaliwa ang mukha para mapahiran din nito ang kabilang panig ng bibig niya. Maybe she was craving for the attention of a boyfriend, nami-miss niya si Ludwig. Or maybe komportable talaga siya sa paligid nito kaya parang normal lang na ito ang magpahid ng dumi sa bibig niya na para siyang bata.

“Sa dalawang taon na nagkahiwalay kayo, nagka-girlfriend ka ba ulit?” lakas-loob niyang tanong. Naubos na niya ang isang boteng beer.

“Wala ni isa. Natagalan ang pag-aayos sa estate ni Dad. Umabot pa sa korte kasi, iyong isang parte ng lupa na kinatatayuan ng poultry house, sa tita ko iyon, sa kapatid ni Dad. Bale kami na iyong nagbabayad ng amilyar, pero nakapangalan pa rin sa kanya sa *Register of Deeds*. Hindi naman magulo, pero kinailangan pa naming gumawa ng papeles at hindi naman sakim ang tita kong iyon kaya okay na. Inayos na lang ang partition sa ibang parte ng lupa. Inheritance nila iyon sa mga lolo, eh. So ’ayun, medyo tumagal. Namalayan ko na lang, wala

na pala akong girlfriend.”

Tumawa siya. “Hindi ka naghanap?”

“Naghanap din. Kaso, slim pickings dito sa atin, eh. Dumadayo pa ako ng Manila para makipagkita sa mga sine-set up ng mga dati kong katrabaho. Pero hanggang date lang, wala ring nangyari. Umaatras sila lahat kapag sinasabi kong nandito sa Quezon ang buhay ko.”

Muling tumungga sa bote si Fin na pangalawa na nito. Napansin nito ang kanyang bote na wala na ring laman, tiningnan siya. “Isa pa?”

What the heck. “Sige. Last na.”

“Uy, isang bote ka pa lang, nagba-blush ka na.” Tinaktak nito ang upper cheek niya sa pamamagitan ng knuckle ng point finger nito, pagkuwa’y itinaas ang kamay, holding his beer bottle aloft, and two fingers sa isang waiter.

Nag-thumbs up naman ang huli at nawala.

“Baka naglalasing ka dahil sa ex mo, ha?” tudyo ni Fin na sinimulang hiwain ang natitirang slab ng liempo. “Gawa ka ng sawsawan uli,” utos nito.

Pinulot niya ang dispenser ng toyo at naglagay sa platito. “Hindi, ah. Ni hindi nga ako naglasing n’ung nakipag-break siya sa akin. Uminom lang pero pag pangalawang bote ko na, bumubuhos na ang luha ko kaya iyak lang ako nang iyak.”

Napatingin si Fin sa kanya, a sad smile on his face. Dumating ang beer. Inilapag iyon ng waiter

sa harap nila. Binuksan ni Fin ang dalawang bote gamit ang isang kamay samantalang ang isa ay inikot nito sa balikat niya marahan iyong tinapik. Silent pakikiramay kumbaga. Hindi nito inalis ang pagkakaakbay sa kanya.

“Sino’ng kasama mo n’ung naglalasing ka?”
usisa nito, itinapat sa kanya ang isang bote.

Hinawakan niya iyon pero hindi muna uminom. “Iyong mga kaibigan kong nurses doon sa clinic. Sinabi nila lahat ng mga pangit na ugali ni Ludwig—”

“Ludwig? German ba ’yung ex mo?” putol ni Fin.

“Hindi. Old-fashioned lang iyong lola niya. Mahilig sa music ni Beethoven. So ’ayun, never akong naglasing sa kanya. Umiyak lang.”

“Parte iyon. Okay na ’yun. Eh, mahal mo pa ba?”

Nag-isip siya saglit. Nami-miss niya paminsan-minsan, pero ang mas nanaig ay ang pagkainis sa sarili na nagpaloko siya rito. Na inaksaya niya ang maraming panahon para lang sa isang relasyong walang patutunguhan. That was about it. “Ewan ko. I want to say hindi na. Di ko na siya masyadong naiisip.”

“Hayaan mo, darating ’yan. Lalo na kasi medyo masama ang paghihiwalay n’yo. Niloko ka niya. Madaling kalimutan ang mga taong gan’un,”

pang-a-assure ng binata. Kinuha nito ang bisig na nakaakbay sa kanya para kunin sa bulsa ng pantalon nito ang cellphone na tumunog.

Napasulyap siya sa relo habang nagte-text ito. Alas siyete y media pa lang ng gabi.

“Si Mommy, nagtatanong kung anong oras ako uuwi,” pagbibigay-alam ng lalaki sa kanya bago ibulsa ang cell phone.

“Ano, tara na?” aniya rito. Kahit ang totoo, nage-enjoy pa siya at ayaw pang umuwi. Pero siyempre alangang sabihin niya iyon. Hindi nga date.

“Teka, ubusin muna natin ’to,” tukoy ni Fin sa beer. Pinagpingki ulit nito ang mga bote nila bago uminom. “Ah. Ang sarap, ’no?”

“Parang chocolate sa ’yo, ah.” Tumawa siya pero uminom na rin. Napangalahati niya kaagad ang laman.

“Huy, huwag kang magmadali. Maaga pa,” saway nito.

Nakinig sila sa musikang tinutugtog sa speakers. Puro oldies but goodies iyon. Panay *Toto* at *Chicago*. Music she knew dahil na rin sa generasyon iyon ng kuya at Tatay niya. Bumalik sa pag-akbay ang isang bisig ni Fin sa kanya. Humilig siya nang bahagya sa tagiliran nito. Parang natural sa kanyang gawin iyon. Was it the beer? Impossible. Nakakadalawa pa lang siya.

“Huwag mo masyadong puwersahin ang ipin

mo,” paalala niya nang makitang sumubo si Fin ng liempo.

“Sa kabila ako ngumunguya.” Itinuro nito ang kanang pisngi. “So, paano ’yan. Hindi ka pa ready na magka-boyfriend ulit?”

Napatingin si Carter sa binata. Nakatingin ito sa harap, nodding his head in tune with the music. Nagta-tap din ang mga daliri nito sa tuhod.

“I—well... ewan ko. Hindi ko pa naman naiisip ’yan.” Kakatwang puro heavy stuff ang napag-usapan nila. Siguro kapag totoong date lang no-no ang pag-usapan ang mga exes at mga baggage. Kapag kaswal na hapunan at inumang magbarkada lang, fair game ang kahit na anong topic. That must be why she didn’t watch herself, at mas nakapag-open sila sa isa’t isa. Malaya silang magpakatotoo. No pressure.

Nagkibit ng balikat si Fin. “That’s right. Just give yourself some time. Mahirap iyong hinog sa pilit.”

“Eh, paano ikaw?” tanong niya rito.

“Kaya ko pa namang maghintay. Di ako nagmamadali,” anito at nginitian siya, habang nakataas ang mga kilay.

Somehow, they both sensed they were talking about something else entirely.



Alas ocho nang magsimula silang bumiyahе

pauwi. Muli siyang ni-remind ni Fin tungkol sa seatbelt at sinunod niya naman ito. After ten minutes ay nagpaalam itong hihinto muna sa isang shed.

“Ayos ka lang ba?” nag-aalalang tanong niya rito.

“Oo, kaya kong magmaneho na mas marami pang karga. Nakatatlo lang naman ako pero kanina medyo naduling ako. I don’t want to take any chances. Ganito lang ako pagkatapos ng aksidente ni Daddy.” Maingat nitong itinabi ang pickup parallel sa waiting shed. Ini-on nito ang hazard parking signal. “Teka lang, ha?”

“Oo, okay lang,” sagot ni Carter. “Siguro kasi, uminom na tayo kaagad bago na-serve ’yung food.”

“Tingin ko nga rin. Text ka sa inyo, sabihin mo nasa daan na tayo para hindi mag-alala ang mama at papa mo.”

Iyon nga ang ginawa niya. Nang matapos ay sinulyapan niya ang kasama. Nakasandig ito sa upuan, his hands at his sides. Parang nakapikit ito, uneven ang paghinga. She could see his Adam’s apple gently moving. Hinayaan niya itong magpahinga. Baka kailangan din nito ng tubig. She rooted around the car for a bottle of water. Wala sa dash, maging sa glove compartment. Wala rin sa paanan niya. Pinihit niya ang katawan para usyusohin ang backseat dahil napansin niyang

maraming gamit doon. Baka may tubig.

“Ano’ng hinahanap mo?” mahinang tanong ni Fin, hinawakan siya sa balikat.

“Ah, tubig. Baka ’ka ko gusto mo ng maiinom.”

“Meron diyan sa itim na bag sa backseat,” anito.

Nahanap niya ang sinasabi nito. Binuksan niya ang bag at kinuha ang bottled water mula roon. Iniabot niya iyon kay Fin. Kinuha nito hindi ang bote kundi ang kamay niya. Hinawakan lang nito iyon. Napatingin siya sa lalaki. He was looking at her with heavy-lidded eyes. Then it hit her. Sinadya ba nitong huminto dahil gusto lang siyang masarili? The gentlemanly behavior was just to get her at ease, right? It kind of worked. Maybe it was the beer.

“Fin,” aniya, hindi alam ang sasabihin. If he was going to kiss her, then he’d better do it soon dahil kailangan pa nilang umuwi. Gumagabi na.

Dumaos ang palad ng lalaki mula sa pupulsihan niya hanggang dumako iyon sa likod ng kanyang ulo. Binitawan niya ang tubig. Inilipat niya ang kamay sa gilid ng mukha nito, rubbing gently.

“Masakit pa ba dito?” tanong niya.

Umiling ito, not saying a word. And then his face moved. Or maybe it was Carter who moved. Hindi niya sigurado. Basta magkadikit na ang mga mukha nila. Nose to nose. She sought his

lips, planting a kiss on his mouth. Dumako naman ang labi ni Fin sa kanyang lower lip. Hinabol niya ito. He let her kiss him. Amoy inihaw ang buhok ni Fin. Siguro pati ang kanya, amoy-usok na rin. But she didn't care. The smell actually proved to be an aphrodisiac. Mas lalo siyang na-encourage na halikan ang binata. Kinabig siya nito palapit hanggang halos nakakandong na siya rito. The gearshift was pressing uncomfortably against her side. Pero naghahalikan pa rin sila. Well, at least, hindi siya totally pangit. He still tried something.

Naghiwalay sila pagkatapos ng ilang minuto. Hawak pa rin ni Fin ang ulo niya. He was cradling her face between his hands, looking at her intently.

“Lagot ako nito sa kuya mo,” anito pagdaka.

Natawa siya. “Di kita isusumbong,” aniya. And she kissed him again.

Bumaba ang kamay nito sa waistline ng jeans niya, itinaas ang blusa niya mula sa pagkaka-tuck in. His hand was warm against her stomach. Nagka-goosebumps siya—she didn't know kung dahil sa AC vent na direktang bumubuga sa kanya, o dahil sa hawak ni Fin.

“Mommy jeans?” he whispered against her teeth. Kahit hindi niya ito nakikita, nase-sense niyang nakangiti ito.

“Uso kaya ito ngayon,” aniya.

“Doesn't matter. You're sexy in mom jeans,”

anito at ini-recline ang upuan niya. Sa isang iglap ay nakahiga na siya at nasa ibabaw na niya ito. She was certain something else could have happened. Kung hindi lang dumaan ang rumaragasang truck na pinuno ng ilaw ang interior ng pickup ni Fin. Kaagad siyang bumangon, waring nahimasmasan.

“Damn,” narinig niyang anas ni Fin, umayos ng upo.

“Uwi na tayo,” aniya rito. She was still feeling hot from the kiss, pero nagpasalamat siya sa truck. Napaisip siya kung magka-qualify pa ba ang gabing ito bilang non-date?

